

Iwasan ang Pagkalason sa Carbon Monoxide (CO)



PARA SA MGA RESIDENTE NG MAUI NA NAAPEKTUHAN NG MGA WILDFIRE

Huwag maging Biktima ng Pagkalason sa CO!

Sundin Ang Mga Tip Na Ito Para Sa Kaligtasan:

- Huwag kailanman magpapagana ng isang portable na generator sa loob ng bahay, garahe, basement, crawlspace, bodega, o sa balkonahe; at huwag kailanmang iiwang nakabukas ang makina ng kotse sa isang garaheng nakadikit sa bahay.
- Sa labas lang magpagana ng mga portable na generator, kahit man lang 20 talampakan ang layo mula sa bahay, at itapat ang exhaust ng generator palayo sa bahay at iba pang gusali.
- Humiling sa mga retailer ng portable na generator na may feature na pangkaligtasan para awtomatiko itong mamamatay kapag mayroong matataas na konsentrasyon ng CO. May mas mabababang emission ang ilang modelo na may CO shutoff.
- Huwag kailanman magsusunog ng uling sa loob ng bahay, garahe, sasakyan, o tent.



Ang CO ay isang hindi nakikita at walang amoy na gas na inilalabas ng mga produktong gumagamit ng fuel.

Kabilang ang mga generator, kagamitang pambahay na gumagamit ng gas, pang-init ng tubig, pugon, ihawan na gumagamit ng uling, at kasangkapang pinapagana ng makina.



Naglalabas ang mga generator ng CO na daan-daang beses ang dami kaysa sa mga sasakyan.



Mahigit 80 consumer ang namamatay kada taon mula sa pagkalason sa CO na dulot ng mga portable na generator.

HAWAII
POISON
CENTER

1-800-222-1222

POISONHELP.ORG

MAY MGA TANONG?

Hawai'i Poison Control Center: 1-800-222-1222
health.hawaii.gov/mauiwildfires

PAKISUNOD ANG LAHAT NG TAGUBILIN MULA SA MGA LOKAL NA AWTORIDAD.

